Mga nilalaman:


Walang aasahan ang mga Palaweño sa eleksyong 2022- **P4**

Mapangwasak na mga mina- **P6**

Matatag na nagpupunyagi ang BVC- **P9**

Kababaihang lingkod ng sambayanan- **P10**

Presyo ng petrolyo sa Palawan- **P14**

Pinsala ng bagyong Odette- **P14**

MAREX2022-**P15**


# Ang Pulang Larangan


TOMO VII BLG. 1 REBOLUSYONARYONG PAHAYAGANG MASA SA PALAWAN ENERO-MARSO 2022





## Patuloy na magbangon at lumaban sa gitna ng papatinding krisis at walang-puknat na militarisasyon sa probinsya!

Pumapaimbulog na presyo ng mga bilihin dahil sa pagsipa ng presyo ng petrolyo at ang pagkawasak ng kabuhayang dulot ng pananalasa ng bagyong Odette ang sumalubong sa mamamayang Palaweño pagpasok ng taong 2022. Sinabayan pa ito ng walang-puknat na militarisasyon sa buong probinsya, sa norte at ilang bayan sa timog dulot ng nagpapatuloy na kontra-mamamayang gera sa tabing ng gera kontra-terorismo, at sa timog dulot ng pang-uudyok ng US ng tensyon sa West Philippine Sea at buong South China Sea sa tabing ng mga pagsasanay-militar.

Bunga ng kawalang-kahandaan ng lokal na gubyerno mula antas-probinsya sa malalakas na kalamidad, napakabagal ng naging pag-aksyon nito matapos manalasa ang bagyong Odette noong Disyembre 2021 sa malaking bahagi ng gitna hanggang norte ng Palawan. Pininsala ng dalawang araw na paghagupit ng bagyo ang isla at nag-iwan ng P7.8 bilyong pagkasira sa agrikultura at imprastraktura ng probinsya noong Disyembre ng nagdaang taon. Pero hanggang nitong Marso, tatlong buwan makalipas ang pananalasa ng bagyo ay nagpapatuloy pa rin ang pagdaing ng mga mangingisda, magsasaka at iba pang mamamayang Palaweño sa lokal na gubyerno para pagkalooban sila ng ayuda sa kabuhayan, mga bangkang pangisda  at muling pagtatayo ng kanilang tahanan.

Sa bayan ng Taytay, dumadaing pa rin ang mga magtatanim ng *seaweeds* dahil hindi pa makabangon ang kanilang kabuhayan. May kabuuang 5,532 ang mga magtatanim ng *seaweeds* sa buong probinsya ang nawalan ng kabuhayan matapos limasin ng bagyo ang baybayin na pinagtatamnan nito. Pero P2000 lamang ang natanggap nilang ayuda mula Disyembre. Ang pagtatanim ng *seaweeds* na nagbibigay ng empleyo sa 89.90% ng 17,459 mga pamilya sa baybayin ng isla ay bagsak ngayon ang kabuhayan at wala pang katiyakan kung makababawi na ito bago ang *peak season* ng *seaweeds* sa darating na Abril hanggang Mayo.

Ayuda sa mga gamit sa pagtatanim naman ang daing ng mga magsasaka sa gitna ng papataas na gastos sa produksyon sa probinsya at buong bansa. Idinadaing ng mga magsasaka sa Puerto Princesa City ang malaking halagang nailalaan nila sa gastos sa pataba at pestisidyo habang lumiliit ang kanilang kinikita dahil hindi naman tumataas ang presyo ng kanilang mga produkto. Samantala, marami pa ring mangingisda ang walang bangka matapos wasakin ng bagyo ang mga ito at hindi pa rin makapagsimula ng kanilang hanapbuhay.

Kasabay nito ang pagdaing ng mga magsasaka at mangingisda sa Palawan sa nagpapatuloy na pagsirit ng presyo ng petrolyo. Sa datos ng lokal na gubyerno, hanggang Marso 8 kung saan sampung beses nang tumaas ang presyo nito ay pumalo na sa P16.70 ang dagdag sa presyo kada litro ng *diesel* habang nasa P13.65 sa kada litro ng *kerosene* at P9.11 naman ang idinagdag sa presyo ng gasolina. Inilantad rin ng Department of Energy nitong Pebrero ang pagsasamantala ng mga lokal na kumpanya ng langis sa pagpapataw pa ng labis na singil o *overpricing* ng P5-6 sa presyo ng petrolyo. Pinakamahirap ito para sa mamamayan na nasa dulong timog at norte ng isla laluna't habang lumalayo ang kanilang lugar sa Puerto Princesa ay lalupang tumataas ang presyo ng langis.

Sa gitna ng lahat ng ito, nagtetengang kawali ang lokal na gubyerno sa pamumuno ni Gov. Jose Chavez Alvarez na sa pagtatapos ng kanyang tatlong termino sa pagkagobernador ay abalang-abala na sa darating na eleksyon kung saan tumatakbo siya bilang kongresista ng ikalawang distrito ng probinsya. Iilan lamang ang mga lokal na burukratang nag-iingay at nakikiisa sa panawagan ng mamamayan hinggil sa mga kinakaharap na krisis sa kabuhayan, at kung mayroon man, pawang mga buladas pa rin lamang ito.

Sa halip, pinagtutuunan ng pansin ng mga lokal na gubyerno ang pagbubukas ng mga eryang pang-ekoturismo para umano makabawi sa kinaharap na krisis sa panahon ng pandemya pero tiyak na nagkukumahog ang mga ito para magbulsa ng maraming kikbak bilang paghahanda sa pagbubukas ng lokal na kampanya para sa nalalapit na eleksyon sa Mayo 9.

Masayang-masaya rin ang opisina ni JCA matapos ipag-utos ni Duterte ang pag-aalis sa pagbabawal sa operasyon ng *open-pit mining* sa buong bansa. Nagdiwang ang mga kumpanya ng minang nakaabang sa probinsya samantalang hindi pa naghihilom ang sugat na idinulot ng pagkawasak ng kalikasan sa iba't ibang bahagi ng probinsya dulot ng matagalang operasyon ng mga dambuhalang kumpanya ng mina na inilantad ng pananalasa ng bagyong Odette noong Disyembre.

Kaya naman ganoon na lamang kaagresibo ang mga ahenteng panseguridad ng estado sa probinsya sa pagpapatuloy ng militarisasyon sa buong probinsya. Walang-puknat at salimbayan ang inilulunsad na *focused military operations* (FMO) at *retooled community support program* (RCSPO) ng mga yunit sa ilalim ng WESCOM sa mga bayan ng Roxas, San Vicente, Puerto Princesa, Quezon, Brooke's Point, Nara at Rizal. Matapos ang isang labanan sa pagitan ng isang yunit ng Bienvenido Vallever Command at Marine Battalion Landing Team-3 (MBLT-3) noong Disyembre ng nakaraang taon, hindi na tinigilan ng militar ang nasabing bayan, laluna ang Brgy. Tinitian kung saan naganap ang labanan. Sa tabing ng *manhunt operations* sa diumanong natitirang yunit ng BVC sa lugar, binibigyang-katwiran ng MBLT-3 katuwang ang PNP at LGU ng Roxas ang panghahalihaw ng mga militar at pananalanta sa aktibidad ng mga magsasaka at mangingisdang hindi pa nakababawi sa pinsala ng bagyong Odette. Nagpapatuloy rin ang mga sapilitan at pekeng pagpapasuko sa iba't ibang barangay sa probinsya na itinuturing nilang base ng rebolusyonaryong kilusan. Sa halip na ayuda, takot, teror at panlilinlang ang hatid ng mga yunit ng militar sa nasabing barangay.

Inaasahang lalo pa itong titindi batay sa huling pahayag ni AFP chief Andres Centino sa ika-46 anibersaryo ng WESCOM noong Marso 4 na durugin ang kilusang rebolusyonaryo sa isla bago matapos ang panunungkulan ni Duterte at tiyakin ang ligtas na eleksyon sa Mayo.

Samantala, sa kabilang dulo ng isla nagaganap ang mas agresibong aktibidad ng imperyalismong US pagpasok ng 2022. Tulad ng ginawa sa Ukraine, nang-uupat ng


## Ang Pulang Larangan

*Ang **Ang Pulang Larangan** ay ang rebolusyonaryong pahayagang masa sa Palawan.*

*Pinapatnugutan ito ng Partido Komunista ng Pilipinas sa lalawigan ng Palawan sa gabay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo.*

*Bukas ang pahayagang ito sa mga pagwawasto, komentaryo, mungkahi at ambag na lathalain.*

komprontasyong militar ang US at nag-uudyok sa China para higit na magpatindi ng aktibidad militar sa saklaw ng South China Sea, sa gitna ng *territorial dispute* sa mga isla dito at sa kumukulong tensyon sa Taiwan. Katatapos pa lamang ng pagsasanay-militar na inilunsad ng US at Philippine Marines na MAREX2022 noong Enero 27-Pebrero 2. Pinaiigting din ng US ang paglalayag nito sa nasabing rehiyon na kapansin-pansing padalas nang padalas mula 2019. Nitong Enero, naglayag muli ang USS Carl Vinson Carrier Group at isang *landing helicopter dock group* papasok sa South China Sea at West Philippine Sea bilang bahagi ng unilateral na pagsasanay-militar na inilunsad nito sa rehiyon. Tahimik itong pumasok sa Bashi Channel (sa pagitan ng Taiwan at Pilipinas) at pumasok sa makitid na Balabac *strait* at sa isa pang *channel* sa pagitan ng Verde Island at Mindoro. Lahat ay sa ngalan ng diumano'y Freedom of Navigation Operations o FONOP ng US. Walang anumang pagkundenang ginawa ang reaksyunaryong gubyerno sa mga hakbanging ito ng US.




Sa harap ng tumitinding krisis sa kabuhayan, hindi mapipigilan ang mamamayang Palaweño na gawin ang iba't ibang porma ng paglaban para igiit ang kanilang mga hinaing kapwa sa lokal at pambansang gubyerno. Hindi nagpatinag ang mamamayan at Sangguniang Barangay ng Ipilan, Brooke's Point sa pagpapatigil sa Ipilan Nickel Corporation sa kanilang lugar na kakamkam sa 2,800 ektarya ng lupaing ninuno ng mga katutubo at mga lupaing pag-aari ng mga magsasaka. Patuloy rin ang panawagan ng mga magsasaka, mangingisda, at iba pang sektor ng mamamayan para sa ayuda sa harap ng papabigat na pasanin at gastos sa produksyon at araw-araw na pangangailangan nila.

Patuloy ring nagpupunyagi ang rebolusyonaryong mamamayan ng Palawan sa pamumuno ng Partido Komunista at mahigpit na katuwang ang Bienvenido Vallever Command-BHB Palawan sa gitna ng maraming kahirapan at ilang pinsalang tinamo sa nagdaang mga taon. Inspirasyon nila ang walang-patid na suporta ng mamamayang Palaweño na kahit na dinadahas ng mga pasistang tropa ng WESCOM at PNP-Palawan ay nagsisikap iambag ang lahat ng kakayaning suporta sa digmang bayan. Ang nagpapatuloy at lumalalang krisis sa kabuhayan ng mamamayan, ang kabiguan ng gubyernong tugunan ito at ang teror na hatid ng militarisasyon sa probinsya ang nananatiling pangunahing dahilan ng mga Palaweño para tuluy-tuloy na sumalig sa kanilang lakas at suportahan ang armadong pakikibakang inilulunsad ng BHB sa pamumuno ng PKP.

Magiting na hinaharap ng mga Pulang kumander at mandirigma ng BHB sa probinsya ang paninibasib ng WESCOM sa mga kabundukan at nakapaglulunsad ng mga taktikal na opensiba. Sa kabila ng mga paninira ng kaaway na diumano'y humihina na ang kilusang rebolusyonaryo sa isla, ang nagpapatuloy nilang panghahalihaw sa kabundukan at pagsuyod sa mga barangay ang palatandaang hindi nagtatagumpay ang kanilang kontra-rebolusyonaryong gera at propaganda. Patuloy na nakapagpapatatag at nakapananatili ang BVC-BHB Palawan at komite ng Partido sa buong probinsya at lumalangoy sa kanyang baseng masang pinanday ng ilang dekada ng mahirap na pakikibaka.

Dapat patuloy na magbangon ang mamamayang Palaweño para isulong ang kanilang mga interes at karaingan. Wala silang aasahan sa isang gubyernong kurap, tiraniko, pasista at instrumento ng pang-aapi at pagsasamantala ng imperyalismo at lokal na mga naghaharing-uri. Tulad sa nagdaang mga panahon, walang maaasahan ang mamamayang Palaweño sa parating na eleksyon sa Mayo 9 kundi higit na pagtindi ng kahirapan at pang-aaping dinaranas nila. Tanging ang pagpupunyagi nila sa digmang bayan ang magbibigay ng pangmatagalang lunas at solusyon sa kinakaharap na suliranin sa kanilang buhay at kabuhayan. Patuloy at higit na paigtigin ang pagsuporta sa armadong kilusan sa isla!

# Walang mabuting pagbabagong aasahan ang mga Palaweño sa paparating na eleksyon

Walang pagbabagong aasahan ang mamamayang Palaweño sa darating na eleksyon sa Mayo 9. Pawang mga garantisadong burukratang kapitalista ang mga tumatakbo ngayon sa lokal na antas. Higit pang palalalain ng mga tulad nilang naghaharing-uri ang kahirapang dinaranas ng mga Palaweño sa ipinapatupad nilang mga patakaran.

**Ang maruming rekord ni JCA**

Nangungunang burukratang kapitalista sa Palawan si Jose Chavez Alvarez (JCA). Mula sa uring malaking burgesyang kumprador-panginoong maylupa, may-ari siya ng halos 100 libong ektaryang lupain, dalawang pinakamalaking lokal na konsesyon sa pagtotroso sa probinsya, at ng higit 20 mga negosyo at kumpanya.

Matapos ang panunungkulan niya ng siyam na taon sa pagkagobernador, siya ngayon ang itinuturing na pinakamayaman at pinakakilalang bilyunaryo sa buong probinsya. Ang mga ipinatupad at adyenda niya para sa Palawan ay pabor sa mga negosyong siya lamang ang nakinabang, bukod pa ang napakalaking halagang kinulimbat niya habang nasa pwesto. Isinapribado niya ang mga ilog sa buong probinsya, dinambong ang lupa para sa National Greening Program at mga dayuhang kapitalista tulad ng Nestlè, Cargill at Del Monte. Ang malaking bahagi (80%) ng lupain sa San Vicente ay inaangkin niya para gawing negosyo sa eko-turismo, at para walang tumutol sa kanya, iniluklok niya rito ang kanyang mga anak na sina Carmela "Pie" at Amy at inihalal sila bilang punong-bayan nito sa magkasunod na mga termino.

Si JCA din ang utak sa pagsusulong ng paghahati ng Palawan sa tatlong probinsya: ang Palawan del Norte, Palawan del Sur at Palawan Oriental upang higit na paboran ang mga lokal na dinastiyang pulitikal, kung saan siya ang nasa tuktok. Pahihigpitin ng nasabing panukala ang kanilang kontrol sa kanilang mga saklaw, mas paluluwagin ang pandarambong at padudulasin ang paghahain ng mga rekurso sa mga dayuhang negosyante, lokal na burukrata at mga panginoong maylupa. Binigo ng mamamayang Palaweño ang nasabing panukala matapos na manaig ang botong "No" sa plebesito noong Marso 13, 2021.

Bukod sa katiwalian at kurapsyon, madugo rin ang rekord ni JCA at lokal na gubyerno sa panunupil at paghahasik ng pasismo sa Palawan. Pinahihintulutan nila ang pananalasa ng *focused military operations* (FMO) at kaakibat nitong pandarahas sa mamamayang Palaweño sa pangarap na gising na durugin at wasakin ang rebolusyonaryong kilusan sa probinsya. Kasabay nito ang pamimilit ng WESCOM sa mga lokal na gubyerno na ideklarang *persona non grata* ang CPP-NPA, at ang aktibo mismong pagpapel ni JCA sa lahat ng mga programa ng Palawan Task Force to End Local Communist Armed Conflict (PTF-ELCAC) tulad ng pasukuan, E-CLIP, pag*red-tag* at pag-aresto sa mga residente at katutubong pinaghihinalaang NPA.

Ang pamilya Alvarez ang kasalukuyang nangungunang dinastiyang pulitikal sa lalawigan. Kumakandidato ngayon si JCA bilang kongresista ng ikalawang distrito matapos ang tatlong termino niya bilang gobernador. Kasalukuyang kongresista ng unang distrito si Franz at *board member* si Anton — magkapatid at pawang mga pamangkin ni JCA. Tumatakbo ngayon, bukod sa kanya, ang kanyang kapatid na si Antonio "ACA" bilang kinatawan sa kongreso ng unang distrito at pamangkin na si Juan Antonio "Anton" bilang *board member* ng unang distrito. Re-eleksyunista naman si Amy sa pagka-alkalde ng San Vicente. Kung hindi pa ba dinastiyang pulitikal ito, ano pa?

**Ang mga pinakakilalang pamilya ng mga burukratang kapitalista sa Palawan**

Ineendorso ni JCA si Victorino "Dennis" Socrates, ang kasalukuyang bise-gobernador, upang humalili sa kanya. Anak siya ni Salvador "Badong" Socrates, na nagsilbing gubernador ng Palawan sa humigit-kumulang 20 taon sa panahon ng pasistang paghahari ni Ferdinand Marcos, Sr. at nakapagpapasok ng mga dambuhalang mina at nakapandambong ng pondo ng bayan. Ang kasalukuyan namang bise alkalde ng Puerto Princesa na si Nancy na tumatakbo para sa re-eleksyon ay kapatid ni Dennis.

Kilala ring burukratang kapitalista sa lalawigan ang pamilya Abueg. Tumatakbo sa pagkagobernador si Frederick "Eric" at ang kapatid niyang si Cyrille "Beng" bilang kongresista ng ikalawang distrito. Si Beng ang kasalukuyang kinatawan ng ikalawang distrito ng Palawan, habang si Eric naman ang isa sa mga may-akda ng 3in1 Palawan noong kongresista pa. Mga anak sila ng dating *congressman* na si Alfredo Abueg, Jr. na masugid namang tagasunod ni Corazon Aquino.


Si Arthur "Art" Ventura ang kalaban na pulitiko nina Socrates, Abueg at JCA sa 3in1 Palawan at tumatakbo sa pagkagobernador sa eleksyon sa Mayo. Siya ang nanguna sa One Palawan Movement, ang kampanyang kumokontra sa paghahati sa Palawan.

Ang pamilya Reyes naman ay nagmula sa dinastiyang pulitikal sa Coron. Naghahangad ang dating gobernador na si Joel Reyes na maging gobernador muli ng Palawan. Subalit malaon na siyang nalantad sa taumbayan na anti-magsasaka, pro-mina, kriminal at mamamatay-tao. Makailang ulit siyang kinasuhan ng katiwalian at korapsyon at sinentensyahan ng anim hanggang walong taong pagkakabilanggo sa pagpapahintulot ng iligal na mina sa probinsya. Sila rin ng kapatid na si Mario ang

nasasakdal bilang mga utak ng pagpatay kay Dr. Gerry Ortega, isang maka-kalikasang brodkaster na tutol sa operasyon ng mina at naglantad sa talamak na korapsyon ni Reyes kasama ang paglustay nito sa Malampaya *fund* ng probinsya. Tumatakbo rin bilang kinatawan ng unang distrito ang kamag-anak niyang si Socorro "Rica" Reyes.

Samantala, si Agapito Salido Jr. ang malamang na sinusuportahan ni Sara Duterte sa pagkagobernador ng Palawan. Mula rin sa uring malaking burgesya kumprador, siya ang presidente at CEO ng Palawan Abundant Metals Resources Corporation, isang negosyo sa mina, at nasasangkot sa iba pang negosyong makadayuhan at mapangwasak sa kalikasan.

Bukod sa kanila, tanyag ding pamilya ng dinastiyang pulitikal sa Palawan ang mga Acosta at Hagedorn mula sa Puerto Princesa. Magkalaban sila ngayon sa pagkakongresista ng ikatlong distrito ng lalawigan.



**Ang kabuluhan ng nalalapit na eleksyon para sa mga Palaweño**

Ang burges reaksyunaryong eleksyon ay pag-aagawan para sa kapangyarihan sa pagitan ng mga paksyon ng naghaharing uri na walang ibang layunin kundi ang makontrol ang likas na yaman ng Palawan, ang pinakamalaking probinsya at isa sa may pinakamalawak na *biodiversity* sa bansa. Nagaganap ang pagpapalitan ng iilang dinastiyang pulitikal na makaupo sa pwesto gamit ang kanilang yaman, armadong pwersa, pati na pandaraya at manipulasyon sa resulta ng eleksyon. Lahat sila ay mangangako sa umpisa ng mga programa para sa kapakanan ng buong probinsya pero pagkaraa'y ilalantad ang mga sarili bilang mga korap, pasista, anti-mamamayan, mapandambong at mapangwasak sa kalikasan.

Para sa mga rebolusyonaryong pwersa sa Palawan, walang makakamit na tunay na pagbabago sa pamamagitan ng burgis at repormistang eleksyon—mula pambansa hanggang lokal na antas. Kaya naman nagpupunyagi sila sa iba't ibang anyo ng pakikibaka kaugnay sa mga isyu sa kabuhayan, kagalingan at karapatan ng mamamayan. Sinusuportahan at isinusulong nila ang demokratikong rebolusyong bayan na batid nilang tanging solusyon sa daantaong kahirapan ng mamamayang Palaweño. Gayunman, kinikilala nila, kaisa ang buong rebolusyonaryong kilusan sa buong bansa ang karapatan ng mamamayang hindi pa handang itakwil ang burges na eleksyon, na lumahok dito. Patuloy silang nagbabakasakali at umaasa na may ihahatid na pagbabago at pagbuti sa kanilang kalagayan tuwing may eleksyon.

Kaugnay nito, habang patuloy na ineeduka ang mamamayan, hinihikayat sila ng rebolusyonaryong pwersa na maging mapanuri sa pagpili ng mga kandidatong susuportahan ng mga ito—sino ang magsusulong ng kanilang mga batayang kahilingan, karapatan at demokratikong interes. Sino sa mga ito ang humahanay sa kanila at sumusuporta sa kanilang mga pakikibaka laban sa mina at iba pang mapaminsalang proyekto sa lalawigan. Sino ang kagyat na tumutugon at sumasaklolo sa kanila sa panahon ng mga kalamidad o sa mga panahong ginigipit sila ng mga pasistang militar. Sila ba itong tumututol sa pangangamkam ng lupa o nagkikibit-balikat na lamang sa pangangamkam ng mga teritoryo ng Pilipinas sa West Philippine Sea at hinahayaang dahasin at palayasin ang mga mangingisda rito?

Dapat ding maging mapagmatyag at mapagbantay ang mamamayan sa anumang maniobra ng mga naghaharing pangkating mandaya at maghasik ng kaguluhan sa panahon ng eleksyon, tulad ng ginagawa ngayon ng rehimeng Duterte at paksyong Marcos-Arroyo-Duterte sa pambansang pampulitikang entablado. Hindi dapat hayaan ng mamamayang makapamayani ang mga katulad nilang pinakasagad-saring korap, pasista at mga kriminal, maging ang mga alipures nila sa lokal na antas.

Isinasagawa ito ng rebolusyonaryong pwersa habang tinatalunton ang digmang bayan bilang tanging landas para sa tunay na pagbabago at hindi pa ganap na naitatatag ang Demokratikong Gubyernong Bayan. Dapat pa itong higit na magpunyagi at humanda sa mas maigting na pakikihamok sa estado kasama ang mamamayang Palaweño sa patuloy na pakikibaka, bago at matapos ang eleksyon sa Mayo 9. Laging dapat panghawakan na mas makapangyarihan ang boses ng mamamayang Palaweño kaysa sa sinumang burukrata-kapitalistang nakaluklok sa lokal na gubyerno kapag ito'y pinagsama-sama at pinag-isa. Tulad ng kolektibong lakas na ipinamalas nila sa pagtutol na tilad-tilarin ang lalawigan, kakayanin nitong magpabagsak ng lokal na kapangyarihang nagkukubli sa malalakas na sandata at pwersa ng AFP at WESCOM, katuwang ang BHB at buong rebolusyonaryong kilusan sa lalawigan. APL

# Mapangwasak na mga mina—tubò para sa dayuhan; kapinsalaan sa kalikasan at kamatayan sa mamamayan!

Dalawampu't pitong (27) taon mula nang maisabatas ang Mining Act of 1995 ngunit wala pang anumang pang-ekonomiyang kaunlarang pangako nito ang nakamit ng bansa lalo na ng mamamayan sa mga lugar ng pagmimina. Sa halip, patuloy na sinasaid ng mga lokal at dayuhang kumpanya sa mina ang likas na yaman ng bansa, kinakalbo at sinisira ang kabundukan, dinudumihan ang kailugan at karagatan at winawasak ang malawak na lupang taniman ng mga magsasaka at katutubong mamamayan. Habang ang mamamayan ay lalong naghihikahos, nawawalan ng mga sakahan at lupaing ninuno, pinapaslang at nilalabag ang kanilang mga karapatan. Labis silang nasusuklam sa mga anti-mamamayan at makadayuhang mga patakaran ng reaksyunaryong rehimen at isinusulong nila ang higit na malakas at malawakang pakikibaka para sa kanilang lupang sakahan, lupaing ninuno at karapatang pantao!

Sa partikular, sinasalamin nito ang kalagayan ng Palawan—paraiso para sa mga dayuhan at lokal na mamumunuhan sa mina, para sa mga burukrata-kapitalistang nakikinabang sa industriya ng mina (sa pangunguna ni JCA) lokal at pambansang gubyerno, at para sa mga turista na nagtatampisaw sa mapuputi at makikintab na baybayin sa higit 1,700 mga isla ng Palawan. Dapat sana'y paraiso din ito para sa 1.2 milyong Palaweño, kung hindi lang tuwirang isinusubasta ng rehimeng Duterte at mga nagdaang rehimen ang likas na yaman at patrimonya ng ating bansa. Ngayon, mistula itong isang impyerno para sa mga Palaweño—winawasak, sinasaid at pinagsasamantalahan.


Dati'y tanyag ang Palawan bilang "huling ekolohikal na prontera" hindi lamang dahil sa mga ibon, isda, *sea turtles, corals*, at iba pang hayop na sa isla lamang makikita, kundi dahil dito matatagpuan ang 40% ng natitirang *mangrove* sa Pilipinas, 30% ng *coral reefs*, 17 "Key Biodiversity Areas", dalawang UNESCO World Heritage Site[1] at walong lugar na idineklarang protektado ng batas.

Ngunit dahil sa pangangayupapa ng rehimeng Duterte sa mga imperyalistang kapangyarihan at sa kasakiman nito at kanyang mga kroni, nasasaid na ang mga yamang mineral ng bansa kapalit ang kakapiranggot na pakinabang at sa kapinsalaan ng mga Palaweño at buong sambayanang Pilipino.

Ngayon ay tanyag na ang Palawan sa presensya ng maraming lokal at dayuhang mina at sangkatutak pang mga bagong aplikasyon nito. Sinasalanta ng mga minahan ang mga idineklarang *protected areas*, lupaing ninuno at ang mabubundok na bahagi ng isla tulad ng Mt. Matalingahan, Mt. Gantung, Bulangjao range, Cleopatra Needle Forest, Puerto Princesa Subterrenean River at iba pa. Walang ibang layunin ang pagmimina kundi ang pagsaid sa yamang mineral sa pinakamabilis at murang paraan na marumi at mapanira.

Kaalinsabay nito ang malakas na pagtutol at paglaban ng mga Palaweño lalo na ang mga katutubong Palaw'an, Tagbanua at mga Batak na inaagawan ng kanilang mga lupaing ninuno. Kasama ang mga magsasaka at iba pang sektor at uri ay nabubuo ang iisang tinig ng mamamayan ng Palawan na ilantad at tutulan ang nagpapatuloy na pagmimina at mapangwasak na epekto nito sa harap ng mga bagong kautusan ni Duterte kaugnay sa pagmimina.

1 Tubbataha Reef at Puerto Princesa Underground River




Lantaran nang tinalikuran ni Duterte ang mga dati niyang pahayag hinggil sa pagmimina sa mga unang taon ng kanyang panunungkulan na nagresulta sa pagsasara o suspensyon ng 26 na malalaking mina dahil sa paglabag sa mga patakaran kaugnay sa kalikasan. Nitong nakaraang taon, tahimik, paggapang ngunit tuso at mapanlalang ang naging paraan ni Duterte sa pagpapanumbalik ng mga patakaran sa pagmimina.

Noong Abril 15, 2021 ay iniutos ni Duterte na alisin na ang siyam (9) na taong *moratorium* ayon sa utos ng rehimeng Aquino noong 2012 sa pagbibigay

ng mga bagong permit sa pagmimina. Hinawan nito ang daan para sa 2,000 mga aplikasyon sa pagmimina sa Palawan na tiyak na magbibigay daan sa mabilis na eksploytasyon sa mga yamang mineral na *nickel, chromite, limestone*, ginto, *silica*, at *copper* sa probinsya at magdudulot ng ibayong panganib at pinsala sa mamamayan, kalikasan at mga tagapagtanggol nito. Mas maaga pa noong 2019 ay pinahintulutan na ang operasyon ng mga suspendidong minahan at itinulak ang "rehabilitasyon" ng mga ito partikular ang mga mina sa *nickel* upang tumugon sa pangangailangan ng China sa mineral na ito.

Inilabas naman ni DENR Secretary na si Roy Cimatu noong Disyembre 23, 2021 ang kautusan na alisin na ang apat (4) na taong pagbabawal sa *open-pit mining* na ipinatupad noong panahon ng dating DENR *secretary* na si Gina Lopez. Bago ito noong Agosto 2021 ay hinusgahan ng Ombudsman na maysala si Brooke's Point Mayor Jean Feliciano sa pagdemolis ng mga kagamitang pangmina ng Ipilan Nickel Mining Corp (INC) noong 2018. Sinuspinde si Feliciano bilang mayor nang walang sahod sa loob ng isang taon sa kabila ng ipinatupad lamang niya ang desisyon ng DENR laban sa INC na kahit lipas na ang kontrata ay nagpapatuloy sa pagmimina, iligal na nagputol ng 7,000 malalaking kahoy, hinukay ang kabundukan at hinalwat ang mga lupain sa loob ng 20 ektaryang saklaw ng Mt. Mantalingahan Protected Landscape (MMPL)[2] kung saan ipinagbabawal ang naturang mga aktibidad.


Natural ding nakikipagkoro at hindi nagpahuli ang ipokritong Palawan Council for Sustainable Development (PCSD)[3] noong Agosto 2019. Hindi lamang nito agad na ibinigay ang Strategic Environmental Plan (SEP) Clearance sa mga kumpanya para magsimula at magpatuloy na sa kanilang operasyon, kundi inaprubahan pa ang ekspansyon ng tatlong malalaking kumpanya sa pagmimina—ang Berong Nickel Corp, Rio Tuba Nickel Corp. at Citinickel Mining & Devt. Corp. Agad-agad ding namang binigyan ni Brooke's Point Acting Mayor Joy Quiachon ng mayor's permit ang INC nitong Enero 2022.

Pumalakpak at nagkakandarapa ang mga ganid na dayuhan at lokal na mga kumpanya ng mina upang ituloy ang pandarambong sa likas na yaman ng bansa, lalo na sa Palawan. Dito

2 MMPL-120,457 ektaryang idineklarang *protected areas* noong 2009

3 PCSD - isang *multisectoral* at *interdisciplinary body* na binuo sa pamamagitan ng RA 7611 o Strategic Environmental Plan (SEP) for Palawan Act. Direkta itong pinangangasiwaan ng Opisina ng Presidente.

## MGA DAMBUHALANG MINAHAN SA PALAWAN





Aerial *view* ng pinagmiminahan ng Citinickel sa Narra

matatagpuan ang ilang malalaking minahan ng *nickel* sa pamamagitan ng *open-pit mining*, kabilang ang Rio Tuba Nickel Corporation (pag-aari ng Nickel Asia Corp), ang Citinickel Mines & Devt. Corp sa Nara at Sofronio Espanola, Ipilan Nickel Corp (Southeast Palawan Nickel Ventures) at Berong Nickel Corp. (DMCI Holdings) at marami pang iba na nag-aabang lamang na maaprubahan ang kanilang mga MPSA at FTAA na sumasaklaw sa libu-libong ektarya sa buong probinsya. Lalong magiging madulas ang aplikasyon ng pagmimina sa isla lalo't batid ng mga kumpanya ng mina na kakampi nila ang gubyernong Duterte, maging ang lokal na gubyerno sa pamumuno ni Alvarez.

Magpapatuloy din ang mga mapaminsalang *focused military operations* (FMO) at *retooled community support program operations* (RCSPO) ng magkasanib na pwersa ng AFP-PNP sa ilalim ng WESCOM at PNP-MIMAROPA upang protektahan ang mga pang-ekonomikong interes ng mga dayuhan at lokal na mina, tuldukan ang anumang pagtutol ng mamamayan sa mina at takutin ang sinumang hahadlang sa interes ng mga sakim na magmimina sa Palawan. Kaya naman hindi nagpapatinag ang Lebach Mining Company sa petisyon ng Sangguniang Barangay (SB) at mamamayan ng Brgy. Ipilan, Brooke's Point na itigil ang operasyon nito kahit hindi pumapayag ang mamamayan sa proyektong ito. Tinakot pa ng kumpanya ang buong SB ng Ipilan na kapag hindi sila tumigil ay tiyak na matutulad sila sa sinapit ni Mayor Feliciano.

Ang mga pangako ng mga kumpanya ng mina na trabaho para sa lokalidad, mga bigay na tulong sa barangay, ayuda sa panahon ng bagyo at maging ang nakokolektang buwis ng lokal at pambansang gubyerno at iba pa ay pawang mga inasukalang bala at pampalubag-loob lamang. Mumo lamang ito kung ihahambing sa gahiganteng tubò na kinikita ng mga minahan samantalang napakalaki at malawak ang pinsalang idinudulot nito.

Lalong hindi maipagtatanggol ng ipinapangalandakan ng reaksyunaryong gubyerno na Indigenous People's Rights Act (IPRA) ang lupaing ninuno ng mga katutubong Palaw'an, Tagbanua at Batak dahil lansakan itong sinasagasaan ng mga anti-mamamayan at maka-dayuhang mga batas tulad ng Mining Act. Kahit ang nakasaad na Free Prior Informed Consent (FPIC) na dapat kunin sa mga katutubong nananahan sa mga lugar na pagmiminahan ay nalulusutan nila kasabwat ang mga ahensya ng gubyerno tulad ng DENR, MGB, PCSD at NCIP. Gayundin ang mga batas hinggil sa Protected Areas, Environmentalyy Critical Areas Network (ECAN), Critical Zones at kung anu-ano pa na nagsisilbi lamang bilang mga palamuti ngunit sa aktwal ay salungat sa interes ng nakararaming mamamayan.

Magkalahok na pangamba, pag-aalala at pagkasuklam naman ang nararamdaman ng mamamayan ng Palawan. Hindi papayag ni mananahimik ang mga Palaweño na lansakang dambungin ang patrimonyang yaman ng ating

bansa. Sinalubong ng mga pagkilos at protesta ng mga Palaweño ang naturang mga desisyon at hakbangin ng rehimeng Duterte. Tinuligsa nila ang desisyon na pagsuspinde sa katulad ni Mayor Feliciano na kasama nila sa paglalantad at pagtutol sa pag-iral ng mga mina at pagwasak sa kalikasan. Muli nilang ipinanawagan ang katarungan sa pagpaslang sa mga katulad ni Dr. Gerry Ortega—isang mamamahayag at kilalang tagapagtanggol ng kalikasan. Hindi nila hangad na muling makapag-opereyt ang INC at iba pang kumpanya ng mina dahil sa pipinsalain nito ang kanilang kabuhayan at kalikasan. Naghuhumiyaw sila sa pagbabasura sa Mining Act at pagtigil ng mapaminsalang pagmimina hanggang sa pagpapabagsak sa rehimeng Duterte.

Walang aasahan ang mamamayang Palaweño sa rehimeng Duterte! Dapat magkaisa at pakilusin ang malawak na mamamayan na puspusang ipatupad ang mga patakaran ng Demokratikong Gubyernong Bayan sa pagtatanggol ng karapatan sa lupa, karapatang pantao at laban sa pagwasak sa kapaligiran. Mahigpit na katuwang nila ang Hukbong bayan sa pagpapatupad ng mga patakarang ito upang sagkaan ang pagpasok ng mga mapaminsalang dayuhang mina. Gayundin, parurusahan nila ang pinakamapaminsalang kumpanya sa pagmimina at maging ang kanilang mga protektor na *goons*, pulis at sundalo na lansakang lumalabag sa karapatan ng mamamayan, kanilang interes at kagalingan. Sam, quo

**BAHAGI NG BIODIVERSITY NG PALAWAN NA WINAWASAK NG MINA**

| | |
|---|---|
| 49 | *species* ng hayop at mga halaman |
| 279 | *species* ng ibon |
| 15 | *marine mammals* |
| 379 | *species* ng *corals* at 82% ng kabuuang *species* ng *corals* sa bansa |

# Matatag na nagpupunyagi ang BVC-BHB Palawan: 14 aksyong militar, inilunsad sa nagdaang tatlong taon

Matatag na nagpupunyagi at magiting na hinaharap ng Bienvenido Vallever Command-BHB Palawan ang hagupit at paninibasib ng WESCOM at PNP-Palawan sa buong isla. Sa nagdaang tatlong taon mula 2019, naganap ang 18 labanan kung saan 14 dito ang matatagumpay na taktikal na opensiba at apat (4) ang depensibang labanan. Nagdulot ito ng 28 pinsala sa kaaway kung saan 23 ang nalipol (KIA) at walo (8) ang nasugatan. Ang matatagumpay na aksyong militar ay inilunsad sa gitna ng matinding pananalasa ng mga binuong *task group* na nakadisenyo para sa imbing layuning durugin ang rebolusyonaryong kilusan sa isla. Solong hinaharap ng BVC ang isang buong *area command* ng AFP, ang Western Command (WESCOM).

Noong 2019, inilunsad ng mga yunit ng BVC ang serye ng mga operasyong isparo laban sa mga sagad-saring opisyal ng pulis at militar na nang-aabuso at naghahasik ng karahasan at kaguluhan sa mamamayang Palaweño. Sa tulong ng mamamayan, matagumpay na pinarusahan sina PO3 Rudelph Saldehano na *acting chief* ng *municipal police station* ng Rizal, Reynaldo Nakar, isang *military asset* na nagpapanggap na Bantay Gubat, Corporal Alfred John de Leon ng 4th Marine Battalion Landing Team (MBLT-4) at SPO2 Nelzaheb Aizo na aktibo sa mga operasyong Tokhang laban sa mamamayan at sangkot rin sa pagbebenta ng droga sa Aborlan. Tampok din ang isinagawang pamamarusa ng BVC sa isang iskwad ng MBLT-4 na naglulunsad ng iligal na pagpuputol ng mga kahoy sa Brgy. Calasaguen, Brooke's Point noong Setyembre 8.

Sinalubong naman ng pagdiriwang ng mamamayan ang isinagawang pagparusa sa isa sa pinakamalalaki at mapaminsalang minahan sa lalawigan na Citinickel Mining and Development Corp noong Oktubre 25, 2019 na nagparalisa sa mga kagamitan ng kumpanya.

Tampok naman nitong 2020 ang inilunsad na ambus ng isang tim ng BVC sa nag-ooperasyong tropa ng 18th Special Forces Company sa Brgy. Iraan, Rizal noong Marso 14 kung saan limang sundalo ang napatay at marami ang nasugatan.

Nitong 2021, malaki ang tinamong pinsala ng isang yunit ng 3rd Marine Battalion Landing Team (MBLT-3) sa inilunsad na bomba-haras ng isang yunit ng BVC sa So. Kayasan, Brgy. Nicanor Zabala, Roxas kung saan siyam ang napatay.

Ang bawat matatagumpay na mga aksyong militar at taktikal na opensiba ng BVC ay ipinagbubunyi ng mamamayang Palaweño. Sila ang direktang nakakaramdam ng lupit ng pananalasa ng mga operasyong militar sa buong isla mula pa 2017 sa ilalim ng Joint Task Group North at South na naglalayong durugin ang rebolusyonaryong kilusan sa isla. Para sa kanila, ang bawat ganting aksyon ng BHB ay katuparan ng hustisya para sa mga biktima ng kaapihan at kalupitang dinaranas nila.

# Kababaihan para sa kababaihan, kababaihang lingkod ng sambayanan

*Hindi ang paraan ng pagkamatay*
*Ang lumilikha sa isang bayani*
*Kundi ang kabuluhan nito*
*Mula sa pakikihamok sa kalaban*
*May bayaning namatay sa aktwal na labanan,*
*May bayaning namatay sa gutom at sakit,*
*May bayaning namatay sa aksidente,*
*May bayaning namatay dahil sa katandaan.*
*Anuman ang dahilan ng pagkamatay,*
*May pagkakaparehong nagbubuklod*
*Ang bayani ay yaong naglilingkod sa bayan*
*Hanggang sa kanyang huling hininga.*

-Paano nalilikha ang isang bayani, JMS
(What Makes a Hero)

Tunay at nararapat na ipagdiwang ang Marso 8 bilang pandaigdigang araw ng kababaihan—ipinagdiriwang natin ang kanilang mga naipagtagumpay at ang nagpapatuloy nilang pakikibaka para sa panlipunang pagbabago. Ang araw na ito ay pagdiriwang din ng pakikibaka para sa mga bata, kalalakihan, uring anakpawis at para sa sambayanan. Araw ito ng pag-alala at pagdakila sa mga martir at mga kababaihang nagsakripisyo at nag-alay ng kanilang buhay para sa rebolusyon, para sa bayan.

Gayunman sa kasalukuyang panahon, hindi sapat ang pag-alala at pagdakila. Dapat na unawain at ipagpatuloy natin ang kanilang nasimulan at harapin ang mga hamon ng panahon—mula sa kahirapan, pagtaas ng presyo ng gasolina at mga bilihin, pagharap sa pandemyang COVID-19, pakikibaka laban sa pasismo, diskriminasyon at pagsasamantala sa kababaihan at iba pang prehuwisyo at inhustisya laban sa kababaihan. Ang kanilang pakikibaka ay karugtong at di hiwalay ng isinusulong na pambansa-demokratikong rebolusyon—katulad ng pusod ng ipinagbubuntis na sanggol sa loob ng sinapupunan ng ina.

Ang paglaladlad ni Duterte bilang isang macho-pasista at *misogynist* at pagdedeklara nito ng gyera laban sa kababaihan, ay isa sa mga dagdag na dahilan bakit kalahati ng populasyon ng Pilipinas—ang kababaihan ay tumitindig upang lumaban at patunayan sa buong daigdig ang kanyang kapangyarihan at papel sa tunay na pagbabago.

Sa panahon ng pasistang paghahari ni Duterte at bago pa nito, nagbuwis ng buhay sa larangang gerilya ng Palawan ang ilang mga kasamang kababaihan—mga kababaihang pinili ang landas na iilan ang tumahak dahil mapanganib, mahirap at labis-labis ang sakripisyo. Ngunit hindi sila mauubos. Bagkus ay dumadami, nanganganak at lumalakas.

May sariling kakanyahan ang pakikibaka ng mga Palaweña sa probinsya na sinusuportahan ng iba pang kababaihan sa rehiyon at buong bansa. Mula nang niyakap ng mamamayan ng Palawan ang linya at programa ng PDR, maraming mga kababaihan ang lumahok sa pagrerebolusyon katuwang ng kanilang ama, kapatid, asawa, mga anak at buong sambayanan.

Nahuli , tinortyur at nakulong ng ilang taon sina Ka Lorena at Ka Tessie noong 1990. Nasugatan at halos madurog ang braso ni Ka Donna sa labanan. Tinatakot at hinaharas si Anne pati buong pamilya niya dahil lamang nagtatrabaho siya sa isang institusyon para sa magsasaka. Nahuli at ikinulong ng ilang taon si Ka China noong 2010, idiniin siya dahil diumano'y isang kumander ng NPA ang kanyang asawa at ama. Sina Ka Mariel at Ka Jovy naman ay kasalukuyang nakakulong pa at nakikipaglaban para sa kanilang kalayaan laban sa pasistang rehimeng US-Duterte.

May sumasama sa mga protesta at pagkilos para sa mga isyung pambayan at usaping pangkababaihan at ibang sektor, may lumalahok sa mga organisasyon ng kababaihan, may sumampa sa Hukbong bayan at may nag-alay ng kaisa-isang buhay para sa rebolusyon.

## Ka Aileen, Mangyan, rebolusyonaryo

Dinadakila natin si Virginia "Ka Aileen/Ka Necy" Casidsid na napaslang sa isang labanan sa So. Maliko, Bgy. Tagumpay, Roxas noong Agosto 16, 2000. Si Ka Aileen ay dalaga, 28 taong gulang at isang mestisang Mangyan mula sa Mindoro na walang pag-aalinlangang nagpatalaga sa katabing isla ng Palawan noong 1996. Naipaloob si Ka Aileen sa SYP sa Norte nang binalikan ang ilang lugar na naiwan nang ilang panahon. Tumayo siyang *vice squad leader* hanggang maging giyang pampulitika noong 1999.

Sumampa siya sa Hukbo sa Mindoro noong 1989 matapos ang pananalasa ng mga bidyilanteng Alsa Masa sa kanilang lugar. Hindi niya malilimutan ang ginawa ng mga pasistang sundalo at bidyilante noong 1988 sa kanilang barangay. Kabilang ang kanyang pamilya sa mga lumaban sa pangangamkam ng mga lupain na dinibelop para maging palaisdaan sa kanilang lugar sa So. Tilaga, Bgy. Sta. Teresa, Magsaysay, Occidental Mindoro. Ilang kababaryo niya ang pinaslang, hinuli at ikinulong. Ang tatay ni Ka Necy ay nahuli, itinali sa isang poste ng kanilang bahay at sinunog nang buhay ng mga pasista. Halos masiraan ng ulo ang kanyang ina na nasaksihan ang kahayupan ng mga pasista. Ang ilang natira, kabilang ang pamilya ni Ka Aileen ay nagsilikas sa bahaging Oriental, umugnay sa mga kasama sa Hukbo at di kalaunan ay sumampa.

Mula Mindoro hanggang maitalaga sa Palawan ay buong sigasig siyang gumampan sa gawaing pag-oorganisa lalo na sa katulad niyang mga kababaihan. Magiliw, mabait, matiyaga at masigasig na kasama si Ka Necy. Tiniis niya ang lahat ng kahirapan at sakripisyo upang makapag-ambag para sa isinusulong na rebolusyon buhay man niya ay ialay.

## Ka Lemon, lider kababaihan



Si Rona Jane Manalo ay si Ka Rjei/Orya/Lemon na nagmula sa kilusan ng kabataang estudyante sa Timog Katagalugan noong 2008. Tubong Candelaria, Quezon, nag-aral siya sa UP Los Baños at nakapagtapos ng BS Forestry noong 2010. Namulat siya sa pakikibaka ng mga kabataan para sa edukasyon . Nakilala siya bilang lider-organisador at ahitador sa loob at labas ng pamantasan. Kalaunan ay niyakap niya ang pakikibaka hindi lang ng mga kababaihang estudyante kundi ng lahat ng kababaihang inaapi at pinagsasamantalahan, laluna ang kababaihang anakpawis. Pinangunahan niya ang pagsusulong ng karapatan ng mga kababaihan sa mga lansangan. Tunay na palaban at militanteng lider ng kababaihan si Ka Lemon. Laman siya ng lansangan sa pagprotesta at pagtataguyod sa karapatan at kapakanan ng mga kababaihan at mga bata. Siya si Ka Lily sa mga inorganisa niyang kababaihang magsasaka, katutubong Mangyan at mga panggitnang pwersa sa isla ng Mindoro mula 2014. Inabot ng kanyang kamulatan ang paglahok sa armadong pakikibaka noong 2019 para ipaglaban ang karapatan ng mga kabataan, kababaihan at ng masang anakpawis. Sumampa siya sa Hukbo at naitalaga sa isang yunit sa Palawan. Bilang giyang pampulitika ng platun at sinasanay na pampulitikang instruktor, siya ang tanglaw ng mga Pulang mandirigma ng kanilang yunit sa pagsusulong ng digmang bayan para baguhin ang kasalukuyang tagibang at naghihirap na kalagayan ng lipunan.

Sa higit isang dekada niyang puspusang pagtataguyod ng pambansa-demokratikong mga adhikain, pinatunayan niya na walang hanggan ang kakayahan at husay ng kababaihan para sa paglilingkod sa sambayanan kung gugustuhin nito. Hindi lamang niya pinasayaw ang mga kababaihan para sa pagbabago at pagbabangon, inorganisa niya ang mga kababaihan upang maging katuwang ng kalahati ng populasyon para sa pagbabago. Inihanda rin niya ang kanyang sarili sa lahat ng uri ng kalagayan at sakripisyo hanggang sa pinakamataas na anyo nito, ang kamatayan.

## Ka Naya, huwaran sa katatagan




Kasama ni Ka Lemon si Andrea “Ka Naya” Rosal sa larangang gerilya sa katimugang bahagi ng Palawan. Dahil hamak na mas naunang dumating si Ka Naya sa Palawan at mas kabisado na niya ang buhay sa mga sonang gerilya, naging “Ate” at malaking tuwang kay Ka Lemon si Ka Naya. Matapos lumaya si Ka Naya mula sa di-makatwirang pagkakakulong noong 2015, kung saan namatay ang kanyang anak na si Diona dahil sa kalupitan ng reaksyunaryong estado, itinalaga na siya sa Palawan.


Nagmula si Ka Naya sa isang rebolusyonaryong pamilya at mula pagkabata ay iminulat na siya sa kalagayan ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino at ang pangangailangan ng pagsusulong ng DRB upang ibagsak ang tatlong salot sa lipunan. Sa kanyang kabataan ay tinuklas niya ang mga sakit ng lipunan, pinag-aralan ang lipunan at rebolusyong Pilipino at bago pa man makatapos ng pag-aaral sa kolehiyo, sumampa siya sa Hukbong bayan noong 2003. Kumilos siya sa larangang gerilya sa Laguna at ilang bahagi ng Central Quezon kung saan kinagiliwan siya ng masa bilang Ka Blu, Uno, at Ysa.

Pinanday sa hirap at mga sakripisyo si Ka Naya. Anim na taong gulang pa lamang siya nang dinukot siya ng mga pasistang militar upang palitawin ang kanyang amang si Gregorio “Ka Roger” Rosal na noo’y tagapagsalita ng Melito Glor Command at kalauna’y naging tagapagsalita ng PKP. Binigo ng matibay na pamilya at ng tulong ng mga kaibigan, alyado at suportang masa ang pakanang ito ng kaaway. Lumaking isang rebolusyonaryo si Ka Naya tulad ng kanyang mga magulang. Kahit na labis niyang dinamdam ang magkasunod na pagkamatay ni Ka Roger dahil sa sakit noong 2010 at ang pagkamartir ng kanyang ina, si Ka Soly sa isang labanan sa Quezon noong 2011, hindi nagpagupo si Ka Naya. Bagkus ay ipinagpatuloy niya ang sinimulan ng mga kasamang naunang namartir, dinampot niya ang sandata—naging isang matapang ngunit mabait na kadre ng Partido at Hukbo. Laging walang maliw at may marubdob na pagmamahal sa masa, sa mga kasama at sa Partido. Ganito natin siya minahal at inaalala.

Kulimlim ang kalangitan at nagluluksa ang bayan sa madaling araw ng Setyembre 3, 2020 nang napaslang sina Ka Lemon at Ka Naya. Ibinuwal sila ng mga bala ng pasistang kaaway. Kasama nilang napaslang sina Ka Boywan, Ka Selnon at Ka Rg sa So. Kibuyon, Brgy. Mainit, Brooke’s Point. Magiting silang lumaban sa mga pasistang elemento ng WESCOM at PTF-ELCAC na kung ilang buwan na silang hinahabol-habol sa imbing layunin nitong puksain ang rebolusyonaryong kilusan sa isla ng Palawan—upang malaya nilang maihain ang mga likas na yaman nito sa mga imperyalista at lokal na mga burukrata kapitalista. Ngunit isa itong panaginip at mananatiling isang pangarap.

## Ka Pia, kabataang NPA at medik ng bayan

Ngunit sadyang malupit at marahas ang digmaan. Nadagdagan ang ating pagdadalamhati nang mabalitaang napaslang si Justine Ella “Ka Pia” Vargas sa isang labanan sa Magsaysay, Occidental Mindoro noong Setyembre 14, 2020. Nagmula si Ka Pia sa isang pamilyang mangingisda sa isla ng Paly, Taytay. Sa kanyang pakikibaka, nasaksihan niya kung papaano nakikipagkutsabahan ang reaksyunaryong gubyerno sa mga dayuhang negosyo at malalaking burgesya kumprador upang dambungin ang yaman ng isla ng Palawan. Nakita niya ang kahungkagan ng pangakong kaunlaran na isinusubo ng naghaharing uri at mga burukrata sa tulad nilang mahihirap. Nasaksihan niya ang pandarahas ng estado sa mga taong lumalaban para sa kanilang lehitimong karapatan. Ilan ito sa mga dahilan nang sumampa sa Hukbo si Ka Pia sa isang yunit sa Palawan noong 2019. Ang pagsapi sa NPA ang nakitang paraan ni Ka Pia upang makapag-ambag sa adhikaing palayain ang mamamayan mula sa kahirapan at pang-aapi. Sa kanyang isang taon bilang NPA, kinakitaan siya ng dedikasyon at kasigasigan sa pagtupad sa mga atas at gawain. Pinakamaningning na bahagi ng kanyang pagiging NPA ang paggampan niya bilang upisyal medikal ng Hukbo sa panahon ng pandemyang COVID-19. Bilang rebolusyonaryong *medical frontliner*, tumungo siya sa mahihirap na komunidad sa Mindoro upang giyahan ang kanilang pagharap sa sakit na COVID-19. Sa kanyang paglahok sa digmang bayan, sabay niyang ginagamot ang sakit ng mamamayan at binibigyang-lunas ang kanser ng lipunan.



## Ka Rise, tunay na kadre at lider




Si Charity "Ka Rise" Diño ay hindi namartir sa labanan tulad nina Ka Necy, Ka Lemon, Ka Naya at Ka Pia, iginupo siya ng karamdaman dahil mas pinili niyang ipauna ang kapakanan ng kanyang mga pinamumunuan at mga mandirigma bago ang sarili sa gitna ng matinding atake ng kaaway. Bilang isang tunay na kadre at lider, ipinahuli niya ang kanyang sarili hanggang sa nang lumaon ay lumala ang kanyang karamdamang malalaman na lamang sa bandang huli na kinain at sinira na ng *tuberculosis* o TB ang kanyang baga. Hindi na kinaya ng pagal niyang katawan gaanuman siya nagsikap maging ang mga kasamang gamutin ang kanyang karamdaman. Pumanaw siya noong Hulyo 29, 2021 ngunit nag-iwan siya ng isang dakilang pamana at inspirasyon sa mga kasama at masa. Isang tunay na komunista at rebolusyonaryo sa kaibuturan, walang pag-iimbot na inialay ang sarili sa sambayanan at rebolusyon.

Ipinanganak si Ka Rise sa Calapan City, Oriental Mindoro at dito lumaki at nag-aral. Nakapagtapos siya ng kolehiyo at naging isang ganap na guro noong 2001. Makalipas lamang ang ilang taon ng pagkilos ay sumampa sya sa NPA noong 2004, sa isang larangang gerilya sa Batangas. Nadakip siya ng pasistang 740th PAF sa Talisay, Batangas noong Nobyembre 23, 2009. Matindi ang pinagdaanan niyang pisikal at mental na tortyur at pambabastos sa kanya bilang babae sa kamay ng mga pasista. Pinapalo siya sa dibdib, inuumpog ang ulo sa pader at tinatalian ng *masking tape* ang ilong at bibig para di makahinga. Lahat ng pagpapahirap na ito ay kanyang matatag na pinangibabawan at hindi siya nagpagapi. Nabigo ang kaaway na papanghinain ang kanyang rebolusyonaryong paninindigan. Habang nakapiit, lalo niyang pinatatag ang sarili kaya naman nang makalaya noong Disyembre 26, 2013 ay kaagad siyang bumalik sa kanayunan sa piling ng mga kasama. Noong 2014 ay itinalaga siya sa Palawan bilang bahagi ng Kalihiman ng Komiteng Probinsya.

Punum-puno ng kulay at kabayanihan ang 17 taong paglilingkod ni Ka Rise sa rebolusyon at sambayanan. Pinanday siya ng mga kahirapan, sakripisyo at pagsubok bilang isang kadre at mandirigma, bilang isang ina at asawa. Ang kanyang mataas na rebolusyonaryong diwa at pagtangan sa mga batayang prinsipyo, ahitasyon, militansya at entusyamo ang puhunan upang mapanatili at tuloy-tuloy na mapalakas ang rebolusyonaryong kilusan sa Batangas at Palawan. Isang tampok na katangian ni Ka Rise ang kapangahasan, kasipagan sa mga gawain at pagiging magiliw sa mga kasama at masa. Kakaibang antas ang hamon sa kanya na makapagsarili sa kalagayang nakahiwalay ang lalawigan at malayo sa *mainland* ng TK, walang kagyat na katalikurang larangang gerilya na maaaring magsilbing likuran at maniobrahan. Ganunpaman, hindi ito naging hadlang para magpursige at mapangahas na ikambyo ang mga rebolusyonaryong gawain sa lalawigan nang walang patlang.

Sina Ka Necy, Ka Lemon, Ka Naya at Ka Rise ay mga Palaweño sa tunay na kaluhugan nito, kahit hindi sila dito ipinanganak ni lumaki tulad ni Ka Pia, bilang mga rebolusyonaryong kababaihan, handa silang maglingkod saanman sila kailangan at makakapag-ambag ng kanilang kakayahan, lakas at galing. Sila ang mga rebolusyonaryong kababaihang martir—mga martir ng sambayanan.

Hindi kayang ilarawan ang rebolusyonaryong pagdadalamhati at panghihinayang sa mga kasamang maritr. Tulad ng karagatan ng Palawan, nag-aalimpuyo ang poot ng mamamayan sa mga pasistang kaaway at rehimeng US-Duterte. Magpapatuloy ang pakikibaka para ibagsak ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Isusulong natin ang DRB hanggang sa tagumpay.

Lalong hindi matatapos sa mga parangal, kwento, alaala ng mga kababaihang martir ng Palawan ang kanilang diwa—iniwan nila sa mamamayang Palaweño ang isang pamana--nasa puso, kwento, buhay at pakikibaka ng mamamayan ng Palawan. Tinapos nga ng mga labanang ito ang buhay ng mga mahal na kasama, ngunit sa kabilang banda ay pinapula at pinadulas nila ang landas ng pagrerebolusyon. Tiyak na mas marami ang magpapatuloy, dadampot ng kanilang sandatang nabitiwan. Magbubuntis sila, manganganak, magkakaapo—dadami pa ang kababaihang gagampan ng mga tungkulin para sa paglaya ng sangkatauhan. APL

# Pagsirit ng presyo ng petrolyo, tumitinding pahirap sa mga Palaweño

Walang-tigil na sumisirit ang presyo ng produktong petrolyo matapos ianunsyo ng malalaking kumpanya ng langis nitong Marso 7 ang muling dagdag sa presyo nito na pinamalaki sa ngayon.

Simula Marso 8, tumaas ng P5.85 kada litro ang presyo ng *diesel*, P4.10 kada litro sa *kerosene* at P3.60 naman kada litro ang dagdag singil sa gasolina.

Ikasampung sunod na linggo nang tumataas ang presyo ng petrolyo ngayong taon. Sa kabuuan, lumobo na ng hanggang P16.7 kada litro ang dagdag sa presyo ng *diesel*, P13.65 kada litro para sa *kerosene*, at P9.11 kada litro naman para sa gasolina. Nagbabala rin ang Department of Energy (DOE) na muling tataas ang presyo ng produktong petrolyo sa mga susunod na linggo.

Lalo pang pahirap sa mga Palaweño ang *overpricing* sa presyo ng produktong petrolyo. Ayon sa ulat ng DOE, mas mataas ng P5-6 ang singil kada litro sa mga produktong petrolyo sa Puerto Princesa City at lalo pang tumataas habang papalayo sa nasabing syudad. Sa inilabas na *prevailing retail pump price* ng ahensya nitong Marso 8, pumapalo sa higit P84 kada litro ang singil sa gasolina, habang higit P73 naman ang sa *diesel*, at P69 naman sa *kerosene*. Higit na mas mahal ito kaysa sa presyuhan sa Maynila, at kahit sa karatig-isla ng Mindoro. Sa mga nasabing lugar, ang halaga ng kada litro ng gasolina ay mas mababa at nasa P74-79, P67-72 kada litro naman ang presyo ng *diesel* at P64-67 kada litro naman ang sa *kerosene*.

Inutil at walang magawa ang reaksyunaryong gubyerno kaugnay sa patuloy na pagsirit ng presyo ng produktong petrolyo. Ito'y dahil nasa mga dambuhalang kumpanya ng langis ang kontrol sa pagpepresyo ng produktong petrolyo simula nang isabatas ang RA 8479 o ang Downstream Oil Industry Deregulation Law (DOIDL) noong 1998 o mas kilala bilang Oil Deregulation Law (ODL). Sa pamamagitan ng neoliberal na polisiyang ito, walang kontrol ang gobyerno na pigilan ang pagtaas ng presyo ng langis na lagi nang sinasabing dahil sa "kakulangan" sa suplay, katulad ngayong may digmaan sa pagitan ng Russia at Ukraine.

Samantala, ang tanging nagawa ng Sangguniang Panlalawigan ng Palawan ay maglabas ng resolusyon na nagpapahayag ng matinding suporta sa panawagang amyendahan ang ODL.

Ang patuloy na pagsirit ng presyo ng produktong petrolyo ay sumasalamin sa pagpapabaya ng reaksyunaryong gobyerno sa mamamayang Pilipino pabor sa mga dambuhalang kumpanya ng langis na tumatabo ng gahiganteng tubò. Dagdag pahirap ito lalo sa mga Palaweñong hindi pa nakakabangon mula sa malaking pinsalang dala ng bagyong Odette noong nakaraang taon. APL

# Bilyong pinsala at grabeng kahirapan, iniwan ng bagyong Odette sa Palawan

Nagdulot ng bilyun-bilyong pinsala ang Bagyong Odette sa lalawigan ng Palawan noong Disyembre ng nakaraang taon. Sinalanta nito ang tirahan, kabuhayan at ari-arian ng mga Palaweño na kanilang ipinundar sa sariling mga pagsisikap sa loob ng ilang dekada sa loob lamang ng ilang oras na pananalasa ng bagyo.

Ayon sa ulat ng Provincial Information Office ng Palawan, umabot sa P7.8 bilyon ang pinagsamang pinsala sa agrikultura at imprastraktura dulot ng Bagyong Odette sa lalawigan. Nasa P3 bilyon dito ay sa agrikultura. Sa isang ulat naman ng Provincial Agriculture Office noong Enero 2022, naitala ang 21,628 magsasakang naapektuhan ng nasabing kalamidad. Libu-libong mangingisda rin ang naapektuhan ng bagyo, dagdag pa ang mga nasirang palaisdaan at iba pang kagamitan sa pangingisda na umabot rin sa milyun-milyong halaga. Tinaya rin sa P45 milyon ang pinsala ng bagyong Odette sa paghahayupan.

Ang bayan ng Roxas naman ang nagtamo ng pinakamalaking pinsala sa agrikultura na umabot ng mahigit P 858 milyon, habang pumangalawa naman ang bayan ng San Vicente na may P 836 milyong pinsala. Bunga nito, maraming magsasaka at mangingisda ang nalimas ang kabuhayan.

Marami ring mga imprastraktura ang nasira dulot ng Bagyong Odette. Sa ulat ng 1st District Engineering Office (DEO) ng DPWH, nag-iwan ang bagyo ng P 512 milyong halaga ng mga nasirang tulay, kalsada, at eskwelahan. Ayon naman sa DepEd Palawan, sa kanilang inisyal na taya noong Enero ay umabot sa P352 milyon ang halaga ng mga nasirang pasilidad at mga kagamitan. Tinayang mahigit sa P23 milyon rin ang naging pinsala sa mga *tourism site* sa Puerto Princesa City, ayon sa City Tourism Office nito. Sa rekord naman na inilabas ng Palawan Electric Corporation (PALECO) noong Disyembre 2021, halos P103 milyon ang mga nasirang poste at linya ng kuryente.

Iniulat naman ng Emergency Operations Center ng pamahalaang panlalawigan ng Palawan na hindi bababa sa 72,568 pamilya ang naapektuhan ng Bagyong Odette na mula sa mga bayan sa bahaging norte ng probinsya.

Milyun-milyong pisong ayuda ang bumuhos mula sa iba't ahensya ng gobyerno, maging sa ibang bansa tulad ng US, matapos ang pananalasa ng Bagyong Odette. Ngunit ilang buwan na ang nakalipas, hindi pa rin natutulungan ang lahat ng naapektuhan ng nasabing kalamidad sa Palawan. May mga naging reklamo pa sa ilang barangay ng Puerto Princesa City na hindi pa nabibigyan ng ayuda mula sa LGU dahil sa ilang teknikalidad para maging kwalipikadong tumanggap ng tulong. Sa halip na sinubsidyong ayuda, pautang na hindi hihigit sa P10,000 naman rin ang solusyon ng Department of Agriculture para sa mga magsasaka at mangingisdang sinalanta ng bagyo. Nananatili pa ring panukala ang pagsasaayos ng mga nasirang imprastraktura sa bahaging Norte ng lalawigan.

Ang pinsala ng Bagyong Odette ay lalong nagsadlak sa mga Palaweño sa hirap. Nararapat lamang na mabilis na tulungang makabangon ng lokal na pamahalaan ng Palawan ang lahat ng mamamayan nito mula sa kalamidad. Sa gitna ng kainutilan ng lokal na gubyerno sa daing ng mamamayan, dapat na kumilos ang buong rebolusyonaryong pwersa sa lalawigan para ibangon ang kabuhayang napinsala dulot ng bagyo at kumilos nang sama-sama ang mamamayang Palaweño para igiit ang kanilang karapatan para sa relip at rehabilitasyon mula sa lokal na gubyerno. Kasabay nito, dapat nilang bantayan ang pondo ng bayan na hindi kurakutin ng mga mandarambong na burukratang tulad ni JCA.


## MGC at BVC, itinakwil ang kontra-rebolusyonaryong taksil na si Justine Kate "Ka Celin" Raca

Sa inilabas na pahayag nitong Marso 18, kinundena at itinakwil ng Bienvenido Vallever Command-BHB Palawan at Melito Glor Command-BHB TK si Justine Kate Raca na itinuturing ngayong kontra-rebolusyonaryong taksil at ipinagkanulo ang pakikibaka ng mamamayang Palaweño.

Si Raca ay isang dating Pulang mandirigma at opisyal ng BVC na sapilitang pinasuko ng isang lokal na opisyal ng Roxas matapos mapahiwalay sa isang labanan sa pagitan ng isang yunit ng BVC at pwersa ng WESCOM noong Disyembre 10 sa Brgy. Tinitian, ng parehong bayan. Ngayon ay aktibo si Raca bilang kasangkapan ng Palawan Task Force to End Local Communist Armed Conflict (PTF-ELCAC) sa malawakang paghahasik ng mga paninira at pekeng balita hinggil sa rebolusyonaryong kilusan. Aktibo rin ito sa iba pang mga aktibidad ng lokal na *task force* tulad ng sapilitang pagpapasuko sa mga komunidad sa probinsya.

Ayon sa MGC, "si Raca ang buhay na negatibong halimbawa ng elementong nabigong maghubog ng sariling pananaw at paninindigang rebolusyonaryo at tuluyang nagpakabulok sa kontra-rebolusyonaryong kataksilan. Para iligtas ang sarili naatim niyang ipagkanulo ang masa na nagtaguyod sa kanya sa gitna ng mga kahirapan at ang kilusan na naging karamay nya sa gitna ng mga sakripisyo at mahirap na mga sandali."

Ayon naman sa BVC, "ang mga katulad ni Raca ay hindi kailanman panghihinayangan ng mamamayang Palaweño, kumpara sa higit na nakararaming mabubuting anak ng bayan, sasandakot ang katulad ni Raca na piniling manikluhod at maglingkod sa mga naghahari't pasista kapalit ng mumong halaga at papaliit na garantiya ng kaligtasan." Ipinaalala rin ng BVC at MGC ang kinahahantungan ng maraming katulad ni Raca na matapos pakinabangan ng mga pasistang militar ay idinidispatsa o pinapaslang na lamang.



# MAREX22 ng WesCom at US Marine Corps, kinundena ng mga Palaweño



Kinundena ng Bienvenido Vallever Command - NPA Palawan ang naganap na Marine Exercises 2022 (MAREX22) ng Western Command (WesCom) at United States Marine Corps mula Enero 27 hanggang Pebrero 2. Kabilang sa mga kalahok sa ilalim ng WesCom ang 3rd Marine Brigade (3MBde) at Marine Battalion Landing Team 4 (MBLT-4).

Binatikos ang MAREX sa *social media platforms* laluna matapos itong magdulot ng takot at pagkabahala sa mamamayang Palaweño. Sa panahon ng ehersisyo, paulit-ulit na nagpalipad ng mga helikopter ang mga militar sa bayan ng Brooke's Point. Masahol pa, kinasangkapan dito ang lokal na gubyerno ng probinsya upang maisakatuparan ang ehersisyo nang walang abiso sa mga residente kung kaya't nagulat na lamang sila sa pagdagsa ng mga sasakyang panghimpapawid.

Ang MAREX ay isang taunang magkatambal na ehersisyong militar sa pagitan ng Pilipinas at US Marine Corps na may layuning paunlarin ang mga pinagsamang operasyon sa dagat at lupa. Kalakip nito ang pagsasanay sa pagpapagana ng mga kagamitang militar ng katambal na bansa, pagpapalitan ng mga eksperto at paglulunsad ng mga integradong operasyon sa dagat tulad ng *search and seizure operations* at taktikal na pagmamaniobra.

Ayon kay Andrei Bon Guerrero, tagapagsalita ng Bienvenido Vallever Command - NPA Palawan, "Dapat mariing kundenahin ng mga Palaweño ang mga ehersisyong militar ng US sa Pilipinas! Dapat igiit ng mamamayan ang isang malayang patakarang panlabas at ang pagwawakas sa mga tagibang na kasunduan ng Pilipinas at US". Dagdag pa ni Guerrero, " Determinado ang BVC-NPA Palawan na patuloy na magpunyagi para labanan ang brutal na gera kontra-rebolusyon ng rehimeng Duterte. Wawakasan ng pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan ang pagiging malakolonya ng Pilipinas sa US at siyang magbibigay ng malakas na bigwas sa imperyalismo!" APL

## *Tangis ng Paragua*

*ni Ka Ella*

*Binabayo ng malalakas na bagyo ang mga gubat*
*Pinsala ang layunin ng bawat sipol ng hangin*
*Tahimik na kinukubli ng makapal na hamog*
*Nakatanaw sa Matalingahan ang nag-iisang Puyos*

*Limang pulang binhing nagsusumikap yumabong*
*Ibinuwal ng walang awang baha at unos*
*Pulang lupa ng katimuga'y naiwa't ginahasa*
*Ng mga higanteng makina ng plantasyon at mina*

*Hindi naglulubay ng tingin ang mga gulod*
*Habang binabagyo'y lalong tumatatag ang taraw*
*Kanlong ng mga yapos ng sanga-sangang ilog na naghahamog*
*Kailanma'y di ito mahihibas—bawat daan ng bagyo'y*
*papalawak, papalalim*
*Nagtitiyak sa hustisya at muling pagbabalik*
*Sa minamahal na pulang lupa*
*ng bulubunduking Timog ng Paragua.*

Alay kina Bonifacio "Ka Nato/Boywan/Eboy/Abuan" Magramo, Andrea "Ka Naya" Rosal, Noli "Ka Selnon" Siasico, Rona Jane "Ka Lemon" Manalo at Jay-ar "Ka RG" Sento — ang Palawan 5, mga bayani at martir ng rebolusyong Pilipino. Pinaslang sila ng estado noong ika-3 ng Setyembre, 2020 sa Brgy. Mainit, Brooke's Point, Palawan.

